Pambansang Samahan sa Linggwistika
at Literaturang Filipino
s/p De La Salle University
Taft Avenue, Maynila 1004

DepEd Region IV-A
DIRECTOR'S OFFICE
RECEIVED
JUL 08 2016
By: Lon Time:

TO: SDSs
For your appropriate action, please. Thanks. God Bless!
8 July 2016

07 Hulyo 2016

Dr. Diosdado M. San Antonio
Director, Department of Education-Region IV-A
Karangalan Elementary School, Karangalan Village, Cainta, Rizal **1900**

16071314

Mahal na Dr. San Antonio,

Malugod po naming inaanyayahan ang inyong mga guro/propesor, mananaliksik, mag-aaral sa antas gradwado, mag-aaral sa andergradweyt at iba pa, sa ***SURI, SALIKSIK, SANAY: Pambansang Seminar-Worksyap 2016 sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan ng PSLLF***. Idaraos po ito sa **Oktubre 27-29, 2016** (Huwebes hanggang Sabado) sa Citystate Tower Hotel, Ermita, Manila (malapit sa Robinsons Manila), alinsunod sa DepEd Advisory No. 149, Series of 2016 at Kalatas Mula sa Tagapangulo ng CHED na may petsang Hunyo 13, 2016.
Ang rehistrasyon ay **3,500 piso lamang po** para sa mga **kasapi ng PSLLF** (magdeposito ng 500 piso hanggang Oktubre 1 para magpareserba) at sa **early bird** (magdeposito ng 500 piso hanggang Agosto 31 para magpareserba). Ang balanse po ay maaaring sa mismong araw ng seminar na bayaran. Non-refundable po ang deposito na garantiya ng inyong paglahok at pre-registration na may katapat na insentibong discount. Saklaw nito ang 3 tanghalian, 6 meryenda at seminar bag na may handouts at certificate. Samantala, 4,000 piso naman ang regular na rehistrasyon (walk-in). Narito po ang account number at account name:
UCPB (Vito Cruz Branch): 10-120-0000-932
Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino Inc.

Para sa BPI, MAGTEXT sa 0927-2421-630.
Paki-scan o piktyuran ang resibo/deposit slip, i-email sa **dmmsanjuan@gmail.com** at dalhin sa araw ng seminar. Kalakip po nito ang DepEd Advisory, CHED Endorsement, at tentatibong programa ng seminar. Para sa nangangailangan ng matutuluyan: Citystate Tower Hotel: (02) 708-9600 to 09 at 314-5144; Lotus Garden Hotel: (02) 522-1515 at 522-0768 (Lotus Garden Hotel); YMCA: (02) 527-6982 to 85 o 528-0559; Boy Scouts of the Philippines: (02) 522-0047; PNU Hostel: 317-1768 loc.773/531.
Para sa update o mga katanungan:
www.facebook.com/PSLLF * 0927-2421-630 * 0917-8961-993

Matapat na sumasainyo,

Dr. David Michael M. San Juan
Pangulo, PSLLF

DepEd Region IV-A
ICT Unit
RECEIVED
7701
Date: 7-8-16 By: ephraim

SURI, SALIKSIK, SANAY: Pambansang Seminar-Worksyap sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan ng PSLLF (2016)

Unang Araw (Oktubre 27)

7:00-9:00 am: Rehistrasyon at Meryenda
9:00-9:30 am:
Panalangin at Pambansang Awit
Bating Pagtanggap

9:30-12:00 noon:
Susing Pananalita:
Prop. Leonor Briones (Kalihim, Departamento ng Edukasyon)
Seminar-Worksyap sa Estratehiya sa Pagtuturo ng/sa Filipino sa Iba't Ibang Antas:
Prop. Joel Costa Malabanan
(Philippine Normal University-National Center for Teacher Education)
Prop. Jonathan Vergara Geronimo (Unibersidad ng Santo Tomas)
Prop. Crizel Sicat-De Laza (Unibersidad ng Santo Tomas)

12:00-1:00 pm: Tanghalian

1:00-5:00pm
Seminar-Worksyap sa Panunuring Pampelikula/Pampanitikan at Blended Learning sa Pagtuturo ng Filipino:
Prop. Emma Olila-Sison (PSLLF/De La Salle University-Manila)
Meryenda
Seminar-Worksyap sa Pagtuturo ng Pananaliksik sa Filipino; at Panitikan ng Asya, Amerika Latina at Daigdig:
Dr. David Michael San Juan (PSLLF/De La Salle University-Manila)

Ikalawang Araw (Oktubre 28)

8:00-12:00 noon
Seminar-Worksyap sa Komunikasyong Pangmadla: Dr. Ester Rada (PSLLF/San Beda College-Manila)
Meryenda
Seminar-Worksyap sa Inobatibong Pagpaplanong Pangkurikulum at Retooling sa Senior High School: Prop. Alvin Ringgo Reyes (PSLLF/Unibersidad ng Santo Tomas)
Seminar-Worksyap sa Pagtuturo ng Pagsasalin at Linggwistika:
Dr. Aurora Batnag (PSLLF)
Seminar-Worksyap sa Pagtuturo ng Mga Obra Maestra:
Dr. Lakandupil Garcia (PSLLF/De La Salle University-Dasmariñas)

12:00-1:00pm: Tanghalian

1:00-5:00pm
Filipino Bilang Asignatura at Wikang Panturo sa General Education sa Senior High School at Kolehiyo (Panel ng mga propesor at mananaliksik mula sa TANGGOL WIKA)
Meryenda
Seminar-Worksyap sa Assessment sa Filipino:
Dr. Teresita Fortunato (PSLLF/De La Salle University-Manila)

Ikatlong Araw (Oktubre 29)

8:00-12:00 noon
Seminar-Worksyap sa Pambansang Ortograpiya at Mga Bagong Tuntunin sa Pagbaybay:
Dr. Candelaria Cui-Acas (PSLLF)
Meryenda
Seminar-Worksyap sa Differentiated Instruction:
Prop. Santiago Flora (PSLLF/Quezon City Polytechnic University)

12:00-1:00pm: Tanghalian

1:00-5:00pm
Pakitang-Turo ng Piling Guro
Ispesyal na Panel sa Mga Kasalukuyang Isyung Pangwika at Pang-edukasyon (Kasalukuyang Pamunuan ng PSLLF)
Pagkakaloob ng Mga Sertipiko ng Paglahok
Meryenda

DepEd Advisory No. 149, s. 2016
June 15, 2016
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA PAGTUTURO NG WIKA AT PANITIKAN 2016
NG PAMBANSANG SAMAHAN SA LINGGWISTIKA
AT LITERATURANG FILIPINO (PSLLF)

Ang Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF) ay magdaraos ng *Pambansang Seminar-Worksyap sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan 2016* na may temang *Suri, Saliksik, Sanay* mula ika-27 hanggang ika-29 ng Oktubre, 2016 sa Citystate Tower Hotel, Ermita, Manila.

Ang mga layunin ng Seminar-Worksyap ay:

1. mabigyan ng malawak na perspektiba ang mga guro at mananaliksik hinggil sa mga repormang pang-edukasyon kaugnay ng wika at panitikang Filipino sa konteksto ng K to 12 at iba pang kaugnay na pagbabago;
2. mapataas ang antas ng kasanayan at kahandaan ng mga guro sa pagpapatupad ng kurikulum sa Filipino sa antas elementarya, junior at senior high school, at kolehiyo;
3. mapataas ang antas ng kasanayan at kahandaan ng mga guro sa paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo sa bagong General Education Curriculum sa antas tersiyarya; at
4. mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pananaliksik at mga estratehiya ng pagtuturo ng wika at panitikang Filipino.

Ang mga inaasahang dumalo ay ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga tagapangulo o tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino, at mga piling guro sa bawat paaralan mula elementarya hanggang kolehiyo.

Para sa karagdagang impormasyon/kaalaman, maaaring tumawag alinman sa mga sumusunod:

- Prof. Emma O. Sison
  De La Salle University (DLSU)
  Taft Avenue, Maynila
  Telepono: (02) 881-2573
  Mobile Phone: 0917-896-1993

- Dr. David Michael M. San Juan
  DLSU, Taft Avenue, Maynila
  Mobile Phone: 0927-242-1630
  Email: dmmsanjuan@gmail.com
  Facebook Page: www.facebook.com/PSLLF

Madel: DA PSLLF Pambansang Seminar
0404-June 8, 2016/9